

# *Salitaan*™

LARONG KROWORD

## OPISYAL NA PANUNTUNAN NG LARO

*Tagalog Bersiyon*



This game is intended primarily for adults  
or children over 14 years of age.

Humble Trading Corporation

[www.salitaan.com.ph](http://www.salitaan.com.ph)

## LAYUNIN NG LARO

Sa larong **SALITAAN**, nasa dalawa hanggang apat na manlalaro ang pwedeng makilahok sa laro. Ang layunin ng larong ito ay makarami ng puntos laban sa ibang manlalaro. Para makapuntos, kailangan bumuo ng salita at ilagay ito sa gameboard. Ang bawat letrang nagamit sa isang salita ay may katumbas na halaga ng puntos. Upang makarami ng puntos, ang mahusay na paraan ay gumamit ng mga salita base sa halaga ng mga letra at parisukat sa gameboard.

## ANG SALITAAN GAMEBOARD

Ang karaniwang **SALITAAN** board ay binubuo ng mga parisukat na nakalagay sa malaking grid. Meron itong labinsiyam na parisukat pataas at may lawak na labinsiyam na parisukat. Ang mga letrang tile na ginamit sa laro ay dapat magkasya sa parisukat ng board.

## ANG SALITAAN LETRANG TILE

Sa larong ito, merong isang daan at limampung letra ang ginamit ngunit isang daan at apatnapu't pito lamang ang may mga letra at halagang puntos. Ang tatlong blangkong tile ay pwedeng gamitin pamalit sa kahit anong letra tinatawag itong wild tiles. Kapag ang blangkong tile ay nagamit sa laro mananatili ito sa letrang pinalitan. Ang mga blangkong tiles ay walang katumbas na puntos.

Ang mga letra sa laro ay may iba't ibang halaga ng puntos. Ito ay tinutukoy base sa letrang bihirang magamit at kung gaano ito kahirap gamitin sa laro. Ang **SALITAAN** ay dinisenyo upang malaro sa wikang Tagalog at iba pang wika ng Pilipino.

## HALAGA NG MGA LETRANG TILE

Narito ang mga halaga ng puntos ng bawat letrang nagamit sa larong SALITAAN.

**Bokya o walang puntos – Blangkong tile**

**Isang puntos – A, I, L, N, S, T at U**

**Dalawang puntos – K, M at O**

**Tatlong puntos – P**

**Apat na puntos – B at G**

**Limang puntos – H, NG at R**

**Walong puntos – E, D at Y**

**Sampung puntos – W**

## PREMIUM NA PARISUKAT AT MGA DAGDAG NA HALAGANG PUNTOS

Kapag titingnan ang gameboard mapapansin na ang ibang mga parisukat ay nagbibigay ng tagapagparami ng puntos, tinatawag itong premium na mga parisukat o “PREMIUM SQUARES”. Kapag ang isang letra ay inilagay sa mga parisukat na ito, ang halaga ng tile ay doble o triple.

Ang ibang parisukat naman ay pinapadami ang kabuuan na halaga ng isang salita hindi lamang halaga ng puntos ng isang tile.



**Dobleng letrang puntos – Ang mga mapusyaw na asul na parisukat sa board ay mga DOBLE LETRA. Kapag ang mga ito ay nagamit, ang halaga ng letrang tile na nakalagay dito ay doble.**



**Tripleng letrang puntos – Ang mga asul na parisukat sa board ay mga TRIPLE LETRA. Kapag ang mga ito ay nagamit, ang halaga ng letrang tile na nakalagay dito ay triple. Maglagay ng mga tile dito para mas makarami ng puntos.**



**Dobleng salitang puntos – Ang kulay rosas na parisukat sa board ay mga DOBLE SALITA. Kapag ang anumang letra ng isang salita ang nailagay sa mga parisukat na ito, ang puntos ng buong salita ay doble.**



**Tripleng salitang puntos – Ang mga parisukat na kulay mahenta ay mga TRIPLE SALITA. Kapag ang anumang letra ng isang salita ang nailagay sa mga parisukat na ito, ang puntos ng buong salita ay triple.**

#### **IBA PANG PANUNTUNAN TUNGKOL SA PREMIUM NA PARISUKAT**

**Ang Pilipinong Araw sa gitna ng gameboard ay walang anumang katumbas na puntos.**

**Kung ang isang salita ay bumabagtas sa parehong premium na letra at salitang parisukat, lahat ng halaga ng mga bonus na letra ay dinadagdag bago ang puntos ng kumpletong salitang nadoble o triple.**

**Ang mga bonus na puntos ng premium na parisukat ay nagagamit lamang kung ang mga tile ay nailagay dito. Kapag ito ay nagamit, hindi na muli pa itong magagamit ng susunod na manlalaro.**

**Kung ang BLANGKO ay nailagay sa TRIPLE SALITA o DOUBLE SALITA na parisukat, ang kabuuan ng mga tile sa salita ay nananatiling doble o triple kahit na ang BLANGKONG tile ay walang halagang puntos.**

**Kung ang BLANGKO ay nailagay sa TRIPLE LETRA o DOUBLE LETRA na parisukat, ang halaga ng BLANGKONG tile ay nananatiling wala o bokya.**

## PAGTATALA NG PUNTOS

Isa sa mga manlalaro ang maihahalal bilang tagapagtala ng puntos. Maaari ding makibahagi ang iba sa laro. Ang tagapagtala ng puntos ay naglilista ng puntos ng bawat manlalaro pagkatapos ng kanilang oras ng laro.

## UPANG SIMULAN ANG PAGLALARO

**KATINIG:** (B, K, D, G, H, L, M, N, P, R, S, T, W, at Y). Ang mga letrang tile na ito ay may sulat na itim at nakalagay sa itim na bag.

**PATINIG:** (Blangko, A, E, I, NG, O, at U). Ang mga letrang tile na ito ay may sulat na asul. Lahat ng mga ito ay nakalagay sa asul na bag.

Ang bawat manlalaro ay kukuha ng limang letrang tiles sa bawat bag at ilalagay ito sa kanilang salansan o paglagayan nang hindi ito pinapakita sa ibang manlalaro. Ang bawat manlalaro ay may sampung letrang tile.

Habang naglalaro, ang bawat lalagyan ng mga manlalaro ay dapat na laging may limang letrang tiles ng katinig at gayundin ang patinig.

Ang laro ay umiikot pakanan. Sa bawat pagkakasunod, ang mga manlalaro ay pwedeng mamili kung maglalagay ba sila ng salita sa board, pagpasa o pagpalit ng mga letrang tiles.

## PALITAN NG TILES

Maaring gamitin ng anumang manlalaro ang kanilang oras ng paglalaro para palitan ang isa o lahat ng mga letrang tile sa kanilang lalagyan. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng


pagtaob ng mga letrang tile na ipapalit at kukuha sa bag ng parehong bilang ng bagong mga letrang tile (na may patinig at katinig), pagkatapos ay ihahalo ito sa bag kasama ang mga natirang letrang tile. Ngayon, ang manlalaro ay maghihintay muli ng kanyang oras ng paglalaro.

## PAGPASA

Ang isang manlalaro ay pwedeng palampasin ang kanyang oras ng paglalaro sa halip na ito ay maglagay o magpalit ng mga tile sa board. Tinatawag itong pagpasa o pass sa Ingles.

## PAGLAGAY NG UNANG SALITA

Pinagsasama ng unang manlalaro ang dalawa o higit pa sa kanilang mga tile upang makabuo ng isang salita at ilagay ang mga ito sa board ng pahalang o pababa na may isang tile sa gitna (Araw ng Pilipino). Hindi pwedeng bumuo ng mga salitang padayagonal.



Ang lahat ng mga tile na nilagay dito pati na rin ang susunod pa ay dapat nakaayos sa patuloy na linyang pahalang o di kaya ay pababa.

## MGA SALITANG PINAHIHINTULUTAN

Ang anumang mga salita na nakalista sa isang pangkaraniwang diksyunaryong Tagalog ay pinahihintulutan maliban sa mga pangngalan at pagdadaglat. Hindi din pwedeng gamitin ang mga unlapi at hulapi ng nag-iisa. Maaaring gumamit ng salitang Ingles kapag ito ay nakasaad sa napili mong diksyunaryong Tagalog bago magsimula ang laro.

Ang larong SALITAAN ay dinisenyo para maging masaya at madaling laruin. Ang mga manlalaro ay pweding pumili ng tagalog na diksyunaryo na pinagkasunduan ng lahat, o di kaya'y gumamit ng “internet” upang husgahan ang salitang nagamit kung ito ay nakasulat ng tama o hindi.

## MGA WIKA NG PILIPINO

Ang SALITAAN ay pweding laruin sa alinmang kilalang wika ng Pilipino. Gayunpaman, bago simulan ang laro, dapat ang mga manlalaro ay nakapagpasya kung anong dayalekto o wika ang gagamitin at kung paano nila disisyunan ang mga salitang ito sa ganap na kawastuan.

## PAGSUBOK NG MGA SALITA

Kung ang salita ay nailagay na sa board, ito ay sinusubok bago maidagdag ang puntos at kapag ang sumunod na manlalaro ay naglagay ng panibagong salita. Ito ang panahon na maaari mong konsultahin ang diksyunaryo upang siyasatin ang mga salitang ginamit sa laro. Kapag ang salitang sinubok ay hindi katanggap-tanggap, aalisin ng manlalaro ang mga letrang tile na nilagay at mawawalan ito ng puntos sa oras na iyon.

Kung ang salita naman ay katanggap-tanggap, ang sumunod na manlalaro ang siyang mawawalan ng puntos.



## LIMITASYON NG TATLONG PAGSUBOK SA PAMILYANG PANUNTUNAN

Sa **PAMILYANG PANUNTUNAN**, ang bawat manlalaro ay limitado sa tatlong pagsubok sa oras ng kanilang laro. Ito ay upang mapanatiling masaya ang laro. Ang sobrang pagsubok sa laro ay nakakawala ng interes. Laging pakatandaan na sa larong **SALITAAN**, ito ay dapat **MASAYA** para sa buong pamilya. Kung ang iyong nais ay mas mahirap na laro, may larong nakabatay sa **PANUNTUNAN NG KOMPETISYON** na kung saan matatagpuan sa huling bahagi ng panuntunan na ito.

## HALIMBAWA NG UNANG PAGLAGAY NG SALITA SA BOARD

Ang manlalaro ay maglalagay ng salitang “**MABAIT**” sa gitna ng board habang tinatakpan ang araw ng Pilipino. Ang puntos na makukuha mula dito ay dalawampu't dalawang puntos.

**M=2**  
**A=1**  
**B=4**  
**A=2 (1\*DOBLE LETRA)**  
**I=1**  
**T=1**

---

**11 PUNTOS**  
**(M) = DOBLE SALITA**  
**11 X 2 = 22 KABUUAN**

**M**<sub>2</sub> **A**<sub>1</sub> **B**<sub>4</sub> **A**<sub>1</sub> **I**<sub>1</sub> **T**<sub>1</sub>

**TANDAAN:**  
**SIGURADUHING NA ANG UNANG SALITA NA NILARO AY LAGING SUMASAKLAW SA GITNA NG ARAW NG PILIPINO**



## PAGTATAPOS NG ISANG PAG-IKOT NG LARO

Sa pagtatapos ng bawat ikot ng laro, ang manlalaro ay kumukuha ng mga bagong letrang tile ng patinig at katinig dahil dapat laging may sampong letrang tiles sa mga kanilang lalagyan.

## PAGLAGAY NG MGA LETRA SA TAMANG ANGGULO

Ilagay ang mga letrang tile sa mga tamang anggulo sa salitang nakalagay na sa board. Tingnan ang salitang “HATI” ito’y may puntos na labinsiyam.

**H=15 (5\*TRIPLE LETRA)**  
**A=2 (1\*DOBLE LETRA)**  
**T=2 (1\*DOBLE LETRA)**  
**I=1**  


---

**19 KABUUNANG PUNTOS**

## PAGDAGDAG NG ISA O HIGIT PANG LETRA SA KASALUKUYANG SALITA

Pahabain ang isang kasalukuyang salita mula sa unahan o sa dulo. Bumuo ng salita mula dito! Tingnan ang salitang “HATID” na may labing anim na puntos. Pagkatapos ay bumuo dito ng salitang “DAGDAG” na may tatlungpung puntos para sa kabuuang puntos na apatnapu't anim.

<b>H=5</b>	<b>D=8</b>
<b>A=1</b>	<b>A=1</b>
<b>T=1</b>	<b>G=8 (4*DOBLE LETRA)</b>
<b>I=1</b>	<b>D=8</b>
<b>D=8</b>	<b>A=1</b>
<b>D=8</b>	<b>G=4</b>
<b>16 PUNTOS + 30 PUNTOS</b>	
<b><u>16 + 30 = 46 KABUUNANG PUNTOS!</u></b>	



## PAGBAGTAS NG DALAWANG SALITA UPANG MAKAGAWA NG ISA

Gumawa ng isang salita sa pagitan ng dalawang kasalukuyang salita na bumabagtas dito. Tingnan ang salitang “TAGALOG” na may tatlungpu’t anim na puntos.

**T=1**  
**A=1**  
**G=8 (4\*DOBLE LETRA)**  
**A=1**  
**L=1**  
**O=2**  
**G=4**

---

**18 PUNTOS**  
**(O) = DOBLE SALITA**  
**18 X 2 = 36 KABUUAN**

## PAGLAGAY NG MGA LETRANG KAHILERA NG SALITA

Lahat ng mga magkakatabing letra ay dapat makabuo ng kompletong mga salita sa parehong pahalang o pababang direksyun. Tingnan ang salitang “TAGAK” na may dalawampu’t apat na puntos.

<b>T=1</b>	<b>*TINGNAN ANG DALAWANG LETRA SA LISTAHAN</b>			
<b>A=1</b>				
<b>G=4</b>				
<b>A=2</b>	<b>*A=1</b>	<b>*G=4</b>	<b>*L=1</b>	<b>*O=2</b>
<b>K=2</b>	<b>T=1</b>	<b>A=1</b>	<b>A=2</b>	<b>K=2</b>
10	2	5	3	4
<b>10 + 2 + 5 + 3 + 4 = 24 KABUUANG PUNTOS!</b>				

BONUS NA PITUMPU'T LIMANG PUNTOS PARA SA MAKAKAGAMIT NG SAMPUNG MGA LETRANG TILE

Ang bonus na iskor na pitumpu't limang puntos ay karagdagang puntos kapag nagamit ang lahat ng mga letrang tile (sa iyong oras ng laro) mula sa iyong lalagyan o salansan.

ANO ANG GAGAWIN KAPAG KAUNTI NA LANG ANG MGA LETRANG TILE

Ang karaniwang nangyayari kapag malapit ng matapos ang laro ay nauunang maubos agad ang mga letrang tile ng patinig na nakalagay sa asul na bag kumpara sa katinig na nasa itim na bag. Kapag ito ay nangyari, ang gawin ay kumuha ng mas maraming katinig na letrang tile hanggang makabuo ng sampung letra o di kaya'y hanggang maubos ang parehong bag.

### PAGTAPOS NG LARO

**May dalawang paraan na maaaring magtapos ng laro sa SALITAAN:**

1) Kapag ang lahat ng mga letrang tile ay nakuha sa mga bag at kung ang isang manlalaro ay ginamit ang lahat ng mga letrang tiles mula sa kanyang lalagyan.

2) Kapag ang lahat ng posibleng paraan ay nagawa upang maipagpatuloy ang laro at kung ang lahat ng mga manlalaro ay nagpasa ng dalawang beses sa magkasunod na ikot ng laro.

Kapag ang laro ay natapos na, nababawasan ang puntos ng bawat manlalaro base sa mga letrang tile na hindi nagamit sa laro.

Ang unang manlalarong makakaubos ng kanyang letrang tile sa lalagyan ay madadagdagan ang puntos mula sa kabuuan ng mga hindi nagamit na letrang tile ng ibang manlalaro.

Ang manlalarong nakakakalap ng pinakamataas na puntos ang siyang panalo sa laro.

Kapag may tumabla, ang manlalarong may pinakamataas na puntos bago pa maidagdag o mabawasan ang mga letrang tile na hindi nagamit ang siyang itatanghal na panalo sa laro.

### MGA PANUNTUNAN NG KOMPETISYON

Ang mga panuntunan ng kompetisyon ay para sa mga adelantadong manlalaro na gustong makipagkumpitensya sa isa't isa at para sa gustong lumahok sa mga paligsahan.

Ang unang panuntunan ng masidhing larong ito ay ang ilagay ang lahat ng mga letrang tile sa iisang bag. Sa paraang ito walang garantiya na may makakakuha ng parehong bilang ng mga letrang patinig at katinig. Ito ay ginawa para sa mas kapana- panabik na laro.

### PAGGAMIT NG ORASAN

**Ang pagbibilang ng oras ay ginagawa upang limitahan ang oras ng bawat manlalaro. Gayunpaman, maaari ding walang limitasyon sa oras kapag may pinagkasunduhan ang mga manlalaro bago magsimula ang laro.**

### WALANG LIMITASYONG MGA PAGSUBOK

**Kung naglalaro gamit ang mga panuntunan ng kompetisyon, ang mga manlalaro ay pwedeng sumuri o sumubok ng kahit anong salitang nilagay ng kalaro sa board. Walang limitasyon sa bilang ng pagsusuring maaaring gawin sa laro.**

### PAGPILI AT PAGTATALAGA NG TAGAHATOL UPANG LUTASIN ANG LAHAT NG MGA PAGSUBOK

**Iminumungkahi na pumili ng isang walang pinapanigang tagahatol bago simulan ang laro upang merong kumilatis at magbigay ng panghuling desisyon para sa mga pagsubok na ginawa sa laro. Ang diksyunaryong Tagalog ay nangangailangan ng sikap at kakayahan para ito'y magamit. Mas mahusay kung may dalubhasang maglalarawan ng lahat ng mga pagsubok. Kung nakapagdesisyonang gumamit ng iba pang wika ng Pilipino, ito ay maaaring magdulot ng pagkalito habang ginagawa ang mga pagsubok.**

### LIMITADONG PAGPAPALIT NG LETRANG TILE

**Ang mga manlalaro ay hindi na pwedeng magpalit ng mga letrang tile kapag may pito o mas mababa pang bilang ng letrang tile matatagpuan sa bag. Ito ay upang maiwasan ang manlalarong sinusubukang alisin ang mga may matataas na halaga ng letrang tile na hindi nagamit para makaiwas sa pagbabawas ng puntos mula dito.**

<b>AA</b>	<b>DUMI, OO, TUBAL, TAE, IPOT, LIBAG, BURAK</b>
<b>AH</b>	<b>KASABIHAN</b>
<b>AM</b>	<b>SABAW O LUGAW NG KUMUKULONG BIGAS</b>
<b>AT</b>	<b>PANGATNIG NA SALITANG GINAGAMIT SA PAGU...</b>
<b>AY</b>	<b>PANDIWANG PANTULONG</b>
<hr/>	
<b>BA</b>	<b>PANANONG NA KATAGA</b>
<b>BB</b>	<b>BINIBINI</b>
<hr/>	
<b>KA</b>	<b>PANGHALIP PANAOG NG “IKAW” (ISAHAN)</b>
<b>KO</b>	<b>PANGHALIP NA PAARI NG SALITANG “AKIN”</b>
<hr/>	
<b>DA</b>	<b>PINAIKLING KATAWAGAN SA “INDA”; KATAWAGAN</b>
<b>DI</b>	<b>HINDI, DILI</b>
<b>DO</b>	<b>NOTA SA MUSIKA</b>
<hr/>	
<b>EE</b>	<b>GANON BA</b>
<b>EH</b>	<b>KASABIHAN</b>
<hr/>	
<b>GA</b>	<b>KATULAD “BA”</b>
<hr/>	
<b>HA</b>	<b>HANE? ANO?</b>
<b>HI</b>	<b>PANGBATI</b>
<b>HO</b>	<b>OPO</b>
<hr/>	
<b>IT</b>	<b>SENYAS SA TAGUAN</b>
<hr/>	
<b>LA</b>	<b>NOTA SA MUSIKA</b>



<b>MA</b>	<b>PANLAPI, UNLAPI, NA NAGBABADYA NG KATANGIAN NG SALITANG-UGAT</b>
<b>MO</b>	<b>IYO</b>
<b>NA</b>	<b>KATAGA NA NAG-UUGNAY SA PANURING AT SALITA</b>
<b>NG</b>	<b>IBANG ANYO</b>
<b>NI</b>	<b>KATAGANG NAUUNA SA PANGNGALANG PAARI, PANTANGI AT ISAHAN</b>
<b>NGA</b>	<b>TOTOO BA, TUNAY BA</b>
<b>OK</b>	<b>SABAGAY</b>
<b>OO</b>	<b>TUGON NA PAGSANGAYON</b>
<b>OY</b>	<b>PANGBATI</b>
<b>PA</b>	<b>LALO, HIGIT, MAS; MUNA, HANGGANG NGAYON</b>
<b>PO</b>	<b>SALITANG MAGALANG</b>
<b>SA</b>	<b>PANG-UKOL NA KATUMBAS SA INGGLES NG TO</b>
<b>SI</b>	<b>PANTUKOY SA NGALAN NG TAO</b>
<b>SU</b>	<b>HAYUPAN; ZOO</b>
<b>TA</b>	<b>PANGHALIP NA DALA WAHAN; PINAIKLING NATA...</b>
<b>UM</b>	<b>UNLAPI SA BERBO</b>
<b>UY</b>	<b>KASABIHIN</b>
<b>WA</b>	<b>KASABIHIN</b>
<b>YA</b>	<b>“HIYA HIYA”</b>

X 3

X 27

X 5

X 6

X 3

X 3

X 7

X 4

X 17

X 8

X 7

X 13

X 5

X 6

X 5

X 3

X 7

X 8

X 9

X 1

X 3

### BARYANTE

Ang mga baryante ay pwedeng laruin kapag lahat ng mga manlalaro ay sumang-ayon dito. Kung ito ay hindi pinagkasunduhan maaaring gamitin ang karaniwang mga panuntunan.

### LANTARANG DIKSYUNARYO

Ang mga ibang manlalaro ay pinipiling maglaro ng may nakabuklat na diksyunaryo dahil pwede silang tumingin ng kahit anong salita kapag nais nila bago pa magsimula ang laro ng walang parusa. Ang baryanteng ito ay nakakatulong upang matuto ng mga bagong salita.

### PAKSANG SALITAAN

Ang paksang SALITAAN ay magandang kasiyahan. Kung ito ay nilalaro sa panahon ng bakasyon o holiday, bigyan ng karagdagang limang puntos para sa mga salitang akma sa paksa ng bakasyon o holiday. Kapag ang mga manlalaro ay mahilig sa mga palaro, ang mga salitang gagamitin sa laro ay tungkol sa mga palaro.

### PAGGAMIT MULI NG MGA BLANGKO

Karaniwang hindi inaalis ang mga blangko kapag ito ay nagamit na sa laro. Sa baryanteng ito, maaaring palitan ang blangko sa board kung ito ay may kaparehang letra sa iyong lalagyan. Subalit kailangang gamitin agad sa oras nang iyong paglalaro ang blangkong ipinalit.

### MAIKLING SALAYSAY

Kung nakukulangan sa oras, maaaring paikliin ang laro kung ang lahat ng manlalaro ay magkaisang limitahan ang bilang ng ikot ng laro.

# Sumali na sa Komunidad ng SALITAAN!

## Philippines SALITAAN Players Association

Ang Philippines SALITAAN Players Association ay isang komunidad ng paligsahan, samahan at bahay ng mga masugid na manlalaro ng SALITAAN Brand Crossword Game. Hinihikayat ang mga taong meron lahat ng antas ng kasanayan upang laruin ang kanilang paboritong laro, nang mapabuti pa ang kanilang kaalaman at kakayahan, higit sa lahat ay ang makasalamuha ang ibang mga tao na may parehong pagkamahilig sa laro. Sumali sa PSPA at maglaro sa opisyal na samahan at paligsahan sa buong Pilipinas.

Pumunta lamang sa [www.pspa.com.ph](http://www.pspa.com.ph) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PSPA.

## Programang Paaralang SALITAAN

Ang SALITAAN ay positibong nakaapekto sa mga kalahok na bata sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang bokabularyo at ganun din ang paggamit ng salitang Tagalog.

Madaling magsimula ng Samahan ng Paaralang SALITAAN. Maaaring kang manalo ng mga premyo at pagkilala ng iyong paaralan.

Pumunta lamang sa [www.pspa.com.ph](http://www.pspa.com.ph) para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Samahan ng Paaralan.

### Nilalaman:

**1 Laruang Board**

**150 Letrang Yiles**

**4 Na Salansan O Lalagyan**

**2 Tela Na Mga Bags**